IJNRD.ORG ISSN : 2456-4184

INTERNATIONAL JOURNAL OF NOVEL RESEARCH AND DEVELOPMENT (IJNRD) | IJNRD.ORG

An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# FIL-ETIKA: SALIN NG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO

**[1]Karen M. Pareja, [2] Joshua E. Oyon-Oyon**

Sorsogon State University

Paaralang Gradwado

Lungsod Sorsogon

*Abstrak :* Natiyak sa pag-aaral na ito na makabuo ng isang modyul sa Etika na nakasalin sa wikang Filipino. Deskriptib-debelopmental ang ginamit na disenyo sa paglikom ng mga datos at gumamit ng convenience samping para sa 50 na mag-aaral samantalang purposive sampling naman sa 16 na mga guro at anim (6) na mga ebalweytor sa Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon (Sorsogon State University). Isang sarbey ang ginawa para makuha ang mga datos na kailangan sa pag-aaral. Gumamit din ng IM evaluation tool mula sa Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon o Sorsogon State University para sa balidasyon ng naisaling kagamitang pampagtuturo. Gumamit ng frequency count at pagraranggo sa pagtataya ng mga datos at samantalang kinuha naman ang mean score sa pagbalideyt ng nabuong kagamitang pampagtuturo at ginamit ang likert scale sa pagkuha ng iskala sa deskripsyong berbal at interpretasyon ng mga datos nito. Ang mga kagamitang ginagamit sa pagtuturo ng Etika ay Power Point Presentation, Modyul, Aklat, Artikulo, Dokumentaryong Pampelikula, Worksheet, Youtube, Google Meet, at Google Drive. Ang FIL-ETIKA: Pinagyamang Modyul ay komprehensibong inilarawan ng mananaliksik upang matukoy ang 5 katangiang taglay ng nabuong kagamitang pampagtuturo. Ito ay ang mga May malinaw at tiyak na layunin, Napapanahon, Tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral, Madaling maunawaan, at may Biswal na kariktan. Para sa pangkalahatang kabuoang balidasyon ng nabuong kagamitang pampagtuturo, nakakuha ito ng kabuoang mean na 4.1 na may interpretasyong Mahusay. Ang naging konklusyon ay may iba't ibang uri ng mga kagamitang pampagtuturo ang ginagamit sa Etika at karamihan dito ay nakasulat sa wikang ingles at bihira lamang ang nakasulat sa wikang filipino. Kung kaya't inirekomenda na sulong ang pagsulat gamit ang wikang Filipino ng mga kagamitang pampagtuturo na ginagamit sa pagtuturo ng Etika at iba pang GEC courses. Isulat ang mga ito sa wikang mauunawaan ng mas nakakarami lalong-lalo na ng mga mag-aaral.

***Susing-salita:*** *Fil-Etika, salin, kagamitang pampagtuturo, katangian, balidasyon*

**2. INTRODUKSYON**

Malaki ang ginaganampanan ng wika sa proseso ng pagkatuto, dito nakasalalay ang lubusang pag-unawa sa mga malawak na paksang-aralin. Ang paggamit ng wikang nauunawaan ng lahat ay dapat na isaalang-alang bilang midyum hindi lamang sa pagtuturo kundi pati na rin sa mga kagamitang pampagtuturo na ginagamit upang mailapat at maisabuhay ang mga impormasyong itinatalakay.

Ang wika ayon kay Lumbera (2013)[1] ay isang mahalagang bahagi ng karanasan ng mga mag-aaral na dumaan sa paaralan. Ito ang nag-uugnay sa isang estudyante sa kaniyang pamilya, komunidad na pinanggalingan at sa kahapon ng bayan. Isa sa napakalaking hamon sa pagtamo ng inklusibong edukasyon ay ang iba't ibang barayti ng wika na ginagamit at sinasalita ng mga mag-aaral.

Ayon sa Artikulo XIV Seksyon 6 ng 1987 Konstitusyon,[2] ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa mga umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wika. Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon. Malinaw na isinasaad ng ating saligang batas na dapat na gamitin ang wikang Filipino bilang wikang panturo. Ito ay sinusuportahan ng CMO no. 59 s. 1996 na nag-aatas na gawing mandatori ang paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo sa kolehiyo.

Ayon kay Benson (2005),[3] ang wika ay susi sa pagkakaunawaan sa loob ng silid-aralan. Ito ang nagsisilbing daluyan upang maiproseso nang tama ng mga mag-aaral ang mga impormasyon na ibinabahagi ng kanilang mga guro. Sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas, ang wikang Ingles at wikang Filipino ang dalawang wikang opisyal na ginagamit sa pagtuturo. Subalit,

hindi natin maikakaila na may mga mag-aaral na hindi gaanong matatas sa paggamit at pag-unawa ng wikang Ingles. Ang ganitong sitwasyon ay posibleng maging balakid o hadlang tungo sa pagtamo ng inklusibong edukasyon.

Base sa Senate Resolusyon Blg. 19 na ipinanukala ni Sen. Lapid (2007)[4], ito ay naglalayon na isalin ang mga tuntunin at iba pang dokumento sa senado. Ang resolusyong ito ay isa lamang patunay na upang lubusang maunawaan ng mas nakararami ang mga pampublikong dokumento, kinakailangan itong isalin sa wikang nauunawaan ng mas nakararami, ito ay walang iba kundi ang wikang Filipino.

Binigyang diin naman ni San Juan (2020)[5] dapat pagsiglahin ang pagsasalin sa mga progresibong panitikan mula sa ibang bayan sapagkat ang mga akdang ito'y makatutulong din sa pagpapahusay ng estilo at porma ng panitikang Filipino.

Ayon naman sa pag-aaral ni Desengaño (2022),[6] isulong ang pagsasalin ng mga IEC materials na ginagamit sa ahensyang pansakuna. Isalin ito sa mga wikang nauunawaan ng mas nakararami lalong-lalo na ng mga lokal na mamamayan. Pagyamanin ang wikang Filipino kasabay ng pagpapayaman sa sariling dayalekto. Gamitin ito sa pakikipagkomunikasyon at pakikipagtransaksyon sa araw-araw na pakikipamuhay.

Dagdag pa ni Blancha (2017),[7] lumabas sa kanyang pag-aaral kinakailangan ang pagsasaling-wika upang lubusang maunawaan ng mga mamamayan ang ang nilalaman ng mga pormularyong ginagamit ng mga ahensya sa pamahalaan.

Sa pag-aaral nina Broadway at Zamora (2018),[8] lumabas na may mga pagkakataong gumagamit pa rin ang mga mag-aaral at guro ng Filipino sa asignaturang Matematika dahil maituturing itong wikang pantulong sa iba't ibang yugto ng klase sa Matematika.

Naipakita sa pag-aaral ni Dominguez (2022)[9] na nagagamit ang Wikang Filipino sa mga talakayan sa Agrikultura, may pagkakahawig ito sa persepyon ng mga guro at mag-aaral na kapwa sila naniniwala na nakatutulong ang wikang Filipino sa mas mabisa at mahusay na talakayan.

Ayon kina Tuimur at Chemwei (2015)[10] ang mga materyal sa pagkatuto na ginagamit ng guro ay nakakatulong upang mapadali ang kanilang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga kagamitan sa pagtuturo ay maaaring nagmumula sa iba't ibang anyo tulad ng mga aklat, module, manual, o mga gawain sa papel, na lahat ay tumutulong sa mga guro na linangin ang kaalaman ng mga mag-aaral (Marbas, 2021)[11]

Ayon kay Salandanan (2011)[12] para maging kawili-wili ang isang kagamitan, dapat may mga nilalaman ito na may kinalaman sa aralin at self-pacing para maaaring mag-progress ang bawat mag-aaral sa kanyang sariling bilis. Batay sa Directorate General of PMPTK, Ministry of Education na nabanggit sa pag-aaral ni Dechavez (2023),[13] ang kagamitan sa pampagkatuto ay mabuti kung ito ay self- instructional, self-contained,can stand-alone, adaptive and user-friendly. Sa ibang salita, ito ay dapat madaling maunawaan upang mas mapadali sa mga mag-aaral ang pag-unawa sa mga nilalaman at magamit sa pagpapataas ng kanilang kakayahan nang hindi umaasa sa pagtuturo ng mga guro.

Mahalaga ang kaugnayan ng mga kagamitang pampagtuturo sa layunin ng aralin, isang mahalagang aspeto ng pagtuturo, at isang mahalagang bagay sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo Dela Cruz (2015).[14]

Hindi kaila sa atin ang kasalukuyang sitwasyon ng asignaturang Filipino at Panitikan sa antas tersiyarya. Dahil sa pagpapalabas ng CHED ng CMO no. 20 s. 2013 na nagtatakda ng mga core courses sa bagong General Education Curriculum. Isinasaad sa seksiyon 6 ng nasabing CMO na opsiyunal na lamang ang paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo at ito rin ang CMO na nag-uutos na alisin ang asignaturang Filipino at Panitikan sa kolehiyo bilang mga asignatura.

Ayon kay Lumbera 2014,[15] ang CMO no. 20 s. 2013 ay posibleng magresulta sa pagbaba ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kultura, panitikan at wikang Filipino at posible rin itong magresulta sa unemployment ng mga guro sa Departamento ng Filipino. Ang mga guro sa Filipino na may permanenteng istatus sa isang pamantasan o unibersidad ay posibleng sumailalim sa tinatawag na "retooling" upang makapagturo ng ibang GE courses. Isa ito sa mga pangunahing isyu ngayon na kinakaharap ng wikang Filipino. Marami ang hindi pabor sa CMO no. 20 s. 2013 subalit ang ibang mga pamantasan at unibersidad sa bansa ay walang nagawa kundi ang sumunod sa mandato ng nasabing CMO.

Ang Etika ay isa sa mga core courses na itinatakda ng CMO no. 20 s. 2013 at isa sa mga GE courses na maaaring ituro ng mga guro at propesor sa Filipino. Subalit, isa sa napakalaking hamon ng pagtuturo sa kursong ito ay ang wikang gamit. Karamihan sa mga lunsaran sa kursong ito ay nakasulat gamit ang wikang Ingles at ang wikang panturong ginagamit ay wikang Ingles. Ang teknikalidad ng isang kurso ay mahirap nang intindihin kaya't marapat lamang na ang pagtuturo nito ay naipapaliwanag nang maayos at malinaw. Karamihan sa mga mag-aaral ay nahihirapan sa pag-unawa at paggamit ng wikang Ingles. Subalit karamihan, kung hindi man lahat, ay marunong umunawa at gumamit ng wikang Filipino.

Kaya't layunin ng pag-aaral na ito na makabuo ng isang kagamitang pampagtuturo sa Etika na nakasalin sa wikang Filipino upang masiguro ang ganap na pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konseptong kailangang nilang matutuhan sa kursong Etika tungo sa lubos na epektibong proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa kolehiyo. Bukod pa rito, ang awtput ng pag-aaral na ito ay magagamit bilang lunsaran sa pagtuturo ng kursong Etika sa Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon o Sorsogon State University dahil lahat ng kagamitang pampagtuturo sa Etika sa pamantasang ito ay nakasulat gamit ang wikang Ingles.

Ang paggamit sa loob ng klasrum ng wikang nauunawaan at ginagamit ng mas nakararami ay isang paraan upang mahikayat ang mga mag-aaral na mas maging masining sa pagbabahagi ng kanilang mga ideya at kaalaman. Ang paggamit ng wikang Filipino ay hindi lamang makatutulong sa kabuuang pagkatuto kundi ito rin ay magsisilbing daan tungo sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino.

## 3. METODOLOHIYA

### 3.1 Mga Kalahok

Sa pagpili ng mga kalahok ay gumamit ang mananaliksik ng Convenience Sampling para sa mga mag-aaral samantalang Purposive Sampling naman ang ginamit para sa mga guro at mga ebalweytor. Ito ay binubuo ng 50 mga mag-aaral na may kursong Etika at 16 na gurong nagtuturo ng kursong Etika sa unang taon sa kolehiyo, unang semestre ng taong panuruan 2023-2024 sa lahat ng apat na kampus at kolehiyo ng Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon o Sorsogon State University. Para sa balidasyon ng

kagamitang pampagtuturo na nabuo, ang mga kalahok ay binubuo ng anim na guro na naatasan bilang "IM Committee" ng Kolehiyo ng Teknolohiya sa Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon o Sorsogon State University. Makikita sa Talahanayan 1 ang pagkakabahagi nito.

Ang mga ebalweytor ay mga instruktor na nagtuturo sa Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon o Sorsogon State University. Sila ay ang mga itinalagang magsagawa ng ebalwasyon sa mga nabuong kagamitang pampagtuturo sa iba't ibang kurso sa ilalim ng Kolehiyo ng Teknolohiya. Miyembro ng College Instructional Material Committee ng nasabing kolehiyo. Sila ay pinili base sa kanilang espesyalisasyon at sa haba ng panahon ng kanilang pagtuturo sa isang kurso. Ang mga ebalweytor ang sumuri sa nabuong kagamitan sa pag-aaral na ito ay ang mga guro na ang espesyalisasyon ay sa ilalim ng kursong Etika at nagturo ng matagal na panahon ng kursong ito.

**3.2 Paraan ng Paglikom ng mga Datos**

Sinimulan ang pagkalap ng mga datos sa pamamagitan ng pagbuo ng liham-pahintulot upang maipabatid at mapagtibay ang ginawang pag-aaral. Noong Pebrero 13, 2024, ang mananaliksik ay gumawa ng isang liham pahintulot para sa pangulo at direktor ng bawat kampus ng Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon o Sorsogon State University upang magsagawa ng sarbey gamit ang inihandang tseklist sa mga guro at mag-aaral na nagtuturo at kumukuha ng kursong Etika.

Ang mananaliksik ay nagtungo sa dekano ng iba't ibang kampus ng Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon o Sorsogon State University upang humingi ng pahintulot at gabay sa paghahanap ng mga kalahok. Ang mga kalahok ay pinuntahan ng mananaliksik sa iba't ibang kampus upang makipag-ugnayan.

Inilahad at ipinaliwanag ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral na ito. Personal na pinamahalaan ng mananaliksik ang paglikom ng datos sa mga guro at mga mag-aaral sa lahat ng kampus na nagtuturo at kumukuha ng kursong Etika. Naglaan ng sapat na panahon upang mas maayos ang pagsagot ng mga kalahok sa sarbey. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na oras sa mga kalahok, masisiguro ng mananaliksik na wasto at tumpak ang mga datos na makukuha na siyang kailangan sa pag-aaral na isinagawa.

Ang nilikom na datos ay umabot ng halos isang buwan upang makuha ang lahat ng ito na nagmula sa mga kalahok sa lahat ng kampus ng Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon o Sorsogon State University.

Matapos malikom ang mga datos ay binigyan ito ng interpretasyon ng mananaliksik kung saan ito ang nagsilbing daan upang maisalin ang kagamitang pampagtuturo na modyul na siyang naging awtput sa pag-aaral na ito.

Nang matapos masalin ang modyul, nagsagawa ng iskedyul ang mananaliksik para sa balidasyon ng nabuong kagamitang pampagtuturo na ginanap noong Hunyo 28, 2024. Isang araw ang ginugol para sa masusing balidasyon ng anim na instruktor na kabilang sa "IM Committee" ng Kolehiyo ng Teknolohiya sa Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon o Sorsogon State University.

## IV. RESULTA

## MGA NATUKLASAN

**Mga Kagamitang Ginagamit sa Pagtuturo ng Etika.**

Makikita sa bahaging ito ang mga kagamitang pampagtuturo na karaniwang ginagamit sa pagtuturo ng Etika. Ang mga kagamitang ito ay natukoy ng mananaliksik sa pagsasagawa ng sarbey sa mga guro at mga mag-aaral ng Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon o Sorsogon State University.

**Talahanayan 1**

| Kagamitang Pampagtuturo | Guro | Ranggo | Mag-aaral | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| Power Point Presentation (PPT) | 12 | 1 | 47 | 1 |
| Modyul | 6 | 4 | 18 | 2 |
| Aklat | 12 | 1 | 4 | 6 |
| Artikulo | 8 | 2 | 7 | 4 |
| Dokumentaryong Pampelikula | 7 | 3 | 8 | 3 |
| Worksheet | 4 | 5 | 5 | 5 |
| Iba pa: youtube, gdrive, gmeet | 1 | 6 | 0 | 7 |

Makikita sa talahanayan 1 ang karaniwang ginagamit na mga kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo ng Etika sa Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon o Sorsogon State University. Gumamit ng maramihang tugon o "multiple responses" upang malikom at mairanggo ang mga datos. Mapapansin na magkakaiba ang ranggo ng mga kagamitang pampagtuturo base sa persepsyon ng mga guro at mga mag-aaral. Implikasyon lamang nito na iba't ibang kagamitang pampagtuturo ang ginagamit sa pagtuturo ng mga paksang aralin sa kursong Etika. Ayon sa pag-aaral nina Estera at Janer (2022)[16] ang mga guro ay hinihikayat tumuklas ng iba pang dulog, pamamaraan, at estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang akademik at iba pang asignatura. Gayundin ang pagbabalangkas ng mga kagamitang pampagkatuto lalo na sa panahong katulad ng pandemya at sa harapang pagtuturo.

Mapapansin sa resulta ng pag-aaral na ito na ang karaniwang ginagamit na mga kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo ng Etika ay ang power point presentation (PPT), modyul, aklat, artikulo, dokumentaryong pampelikula, worksheet at iba pa tulad ng youtube, google drive at google meet.

Ang kagamitang pampagtuturo na pinakaginagamit ay ang Power Point Presentation ayon sa 12 na mga guro at 47 na mga mag-aaral. Ito ang kagamitang pampagtuturo na nagbibigay ng paraan upang makabuo ng isang presentasyong multimedia kasama ang animasyon, pagsasalaysay, imahe, at mga bidyo mula sa pre designed template o blank canvas (Wilson, 2020). Ang PPT ay binubuo ng iba't ibang mga "slide" na naglalarawan ng isang grapiko at biswal na interpretasyon ng datos, upang ipakita ang impormasyon sa isang mas malikhain at interaktibong paraan. Ito ang madalas na ginagamit ng mga guro at mga mag-aaral na nag-uulat sa klase dahil sa katangiang taglay nito na kaakit-akit sa mata na makatutulong upang mapukaw ang interes ng mga tagapakinig.

Ang modyul naman ang ginagamit ng iba ayon sa anim (6) na mga guro at 18 na mga mag-aaral. Ang modyul ay isang kagamitang pampagtuturo na naglalahad ng mga tiyak na gawain. Ito'y nahahati sa iba't ibang bahagi tulad ng layunin, presentasyon ng mga paksa, at ang gawain na kailangang sagutin base sa nilalaman ng modyul. Ang kagamitang ito ay madalas na ginagamit lalo na noong panahon ng pandemya dahilan sa "distance learning" ngunit may pagkakataon na ginagamit pa rin ang modyul hanggang sa ngayon kahit na bumalik na sa normal ang klase upang magsilbing pantulong at gabay sa mga mag-aaral para mapanatili ang mga natutuhang pag-aaral. Ang paggamit ng modyul ay nakatutulong sa mabilis na proseso ng pagkatuto mga mga mag-aaral, isang patunay na mabisa ang paggamit nito base sa nabanggit at pinagtibay ni LeBrun (2001)[17] sa kaniyang pag-aaral na "A Study of Modularized Instruction and its Role in the Technology Education Curriculum at Southern Door Schools, USA" lumabas din sa kaniyang pananaliksik na mas pinili ng kaniyang mga mag-aaral ang modyul dahil ito ay nakaaaliw at nakapupukaw ng interes.

Ang aklat naman ay ang kagamitang pampagtuturo na madalas na ginagamit ng mga 12 na mga guro at 4 na mga mag-aaral. Ito'y kagamitang komprehensibo at binubuo ng maraming pahina na nagtatalakay ng iba't ibang paksa na may kaakibat na takdang gawain matapos ang pagtatalakay. Karaniwang ginagamit ang aklat upang magsilbing sanggunian para sa iba pang kagamitang pampagtuturo tulad ng power point presentation at modyul upang mapaikli ang mahahabang paksa na kailangang italakay sa klase at pag-uulat. Ayon kay Dela Peña (2023),[18] naglalaman ang teksbuk ng di mapantayang karunungan ng isa o maraming tao sa iba't ibang larangan ng buhay. Ito ang nagsisilbing gabay at patnubay ng mga mag-aaral at guro sa pag-aaral, nagtataglay ng mga impormasyon na makatutulong sa pag-aaral at pagtuturo, nakasulat din dito ang mahahalagang simulain sa buhay. Hanggang sa modernong panahon ito ay saligan pa rin sa mga batayan ng mga ebidensya at katibayang nakasalig din sa iba.

Ang mga artikulo at dokumentaryong pampelikula ay parehong ginagamit na kagamitang pampagtuturo ayon sa walong (8) mga guro at pitong (7) mga mag-aaral. Ang mga nabanggit na kagamitan ay binubuo ng iba't ibang impormasyon, balita, opinyon, at karanasan depende sa layunin ng may akda o manunulat. Ito'y parehong nakatutulong upang mapalawak at mas mapalalim ang mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral. Bukod pa rito, mas nagkakaroon ng interaktibong talakayan ang klase dahilan sa malikhaing katangian ng kagamitang ito.

Bagama't may pagkakatulad ang mga kagamitang ito, mayroon pa ring mga pagkakaiba ang artikulo sa dokumentaryong pampelikula tulad ng pamamaraan sa presentasyon ng impormasyon at mga makrong-kasanayang ginagamit sa implementasyon.

Ang worksheet ay isang papel na binubuo ng iba't ibang mga tanong at pagsasanay upang maitala ang sagot ng mga mag-aaral. Ang kagamitang pampagtuturo na ito ay nakatutulong upang mapanatili ang mga kaalaman at kasanayang natutuhan ng mga mag-aaral sa mga paksang tinalakay.

Ang youtube, google meet, at google drive ay mga elektronikong kagamitan na madalas na ginagamit sa pagtuturo. Ang kagamitang ito ay produkto ng teknolohiya bunsod ng ika-21 siglo kung saan ang mga guro ay hindi lamang nagpopokus sa paggamit ng mga tradisyonal na pamamaraan sa pagtuturo. Nakatutulong ang mga kagamitang ito upang mapadali ang pagtuturo at pagkatuto dahil kahit ang mga mag-aaral ay kayang i-akses ang mga ito sa tulong ng internet.

Sa lahat ng mga kagamitang pampagtuturo na nabanggit, napili ng mananaliksik na modyul ang gagawing kagamitang pampagtuturo bilang awtput sa nasabing pag-aaral. Ang modyul ay isa sa pinakamadaling gamitin ng guro sa pagtuturo lalo na't karamihan pa rin sa paraan ng pagkatuto sa ngayon ay nasa ilalim pa ng "blended learning". Ibig sabihin, may pagkakataon pa rin na ang klase ay hindi nagkikita ng harapan kung kaya't ang guro ay nagbibigay na lamang ng modyul bilang "asynchronous" na gawain. Base sa nakalap na datos ng mananaliksik, karamihan sa guro at mag-aaral ay mas gusto nilang gamitin ang modyul upang magsilbing gabay sa kanilang pagkatuto. Nagsisilbi din itong paraan upang mas lumawak at makabuo ng mga panibagong ideya ang mga mag-aaral base sa mga paksang aralin sa modyul. Mas napapabuti at napapataas ang kaisipan ng mga mag-aaral dahilan sa katangiang taglay nito na nakasentro sa mga mag-aaral.

Kaya't mahalaga ang mga kagamitang pampagtuturo dahil ayon ayon kina Tuimur at Chemwei (2015)[19] ang mga materyal sa pagkatuto na ginagamit ng guro ay nakakatulong upang mapadali ang kanilang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Mahalagang isaalang-alang ang mga kagamitang ito para sa kapakanan ng mga mag-aaral tungo sa mabisa at makabuluhang pagkatuto. Dagdag pa ni Uriarte (2019)[20] ang paglinang ng kagamitang pampagtuturo ay nakatutulong upang mapadali ang gawain sa patuturo-pagkatuto ng mga mag-aaral. Kabilang na sa mga kagamitang pampagtuturo ay ang modyul. Subalit hindi pa rin natugunan ng gobyerno ang mga kakulangan sa batayang pangangailangan sa edukasyon na nagsisilbing pahirap sa mga guro at mga mag-aaral. Sinabi pa nina Castillo, et.al (2018)[21] na may titulong Pagbuo at Balidasyon ng Estratehiyang Interbensyong Kagamitang Pampagtuturo sa Gramatikang Filipino, malaki ang gampanin ng mga kagamitang panturo gaya ng sanayang aklat sa pagkatuto ng mga mag–aaral at sa mabisang pagtuturo ng mga guro sa hinaharap. Lubusan nila itong nagagamit at higit na nakatutulong sa kanila upang magsilbing gabay sa kanilang pagtuturo at mas maging magaan ang daloy ng pagtuturo at pagkatuto. Mas napadadali ang trabaho ng mga guro sapagkat may sanggunian nang ginagamit bilang kanilang reperensya na sa kahit ano mang sandali ay maaari na nilang magamit.

**Katangian Ng Kagamitang Pampagtuturo Na Nabuo Hango Sa Pagsasalindiwa.**

Ang naisaling kagamitang pampagtuturo na Fil-Etika: Pinagyamang Modyul ay isang kagamitang pampagtuturo na binuo sa hangarin na matagumpay na maisagawa ang paglilipat ng mga karunungan o konsepto sa kursong Etika mula sa guro patungo sa

mga mag-aaral. Ito ay magsisilbing pantulong na materyal upang matiyak ang lubos na pagkatuto sa larang ng Etika. Ito ay naglalayong mapunan din ang kakulangan sa mga kagamitang pampagtuturo sa kursong Etika na nakasulat sa wikang Filipino, wikang lubos na nauunawaan ng higit na nakararami.

Ang pinagyamang modyul na ito ay naglalaman ng iba't ibang bahagi tulad ng Introduksyon sa paksang aralin, Mga inaasahan sa kurso, Mga mahahalagang tala sa talakay, Maikling pagsusulit, Gawaing pampagkatuto at Sanggunian. Sa pamamagitan ng mga bahaging ito, naipapakita ang maayos at organisadong presentasyon ng modyul na nakatutulong upang maitaguyod at maabot ang layunin sa pag-unlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral gayundin sa pagtuturo ng mga guro.

Ang Fil-Etika ay nagtataglay ng iba't ibang mga katangian upang makatulong sa pagtuturo-pagkatuto ng mga guro at mga mag-aaral. Ang mga katangiang ito ay ang mga sumusunod: May malinaw at tiyak na layunin, Napapanahon, Tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral, Madaling maunawaan, at may Biswal na Kariktan.

**May malinaw at tiyak na layunin**. Ang modyul na isinalin sa wikang Filipino ay nagtataglay ng malinaw at tiyak na layunin. Bawat paksa sa modyul ay mayroong mga espesipikong layunin o kasanayan na inaasahang matamo ng mga mag-aaral sa pagtatapos ng pagtalakay sa paksa. Isa ito sa mga katangian na dapat na taglayin ng isang kagamitang pampagtuturo, ang malinaw na layunin. Ito ang magsisilbing gabay ng guro sa pagbibigay ng mga gawaing pampagkatuto o mga pagsasanay sa mga mag-aaral. Ang pagtukoy ng mga layunin na maituturing na SMART (Specific, Measurable, Achievable, Relevant, at Time-bound) para sa isang paksa ay isa sa mga hamong kinakaharap ng isang gurong nagtuturo sa panahon ng bagong normal o new normal. Ngayong panahon ng bagong normal o new normal, ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay hindi na lamang ginagawa sa loob ng klasrum, kundi pati na rin sa pamamaraang birtwal. Kaya ang mga guro ay doble kayod sa pagpaplano ng aralin. Ayon kay Saavedra et.al (2020)[22], kailangan na patuloy na hinahasa ang kakayahan ng mga guro upang magkaroon ng maayos na pagbabago mula sa pagtuturo lamang sa loob ng pisikal na silid-aralan patungo sa makabagong pamamaraang birtwal gamit ang makabagong teknolohiya.

**Napapanahon**. Isa sa katangian ng nabuong kagamitang isinalin sa wikang Filipino ay napapanahon. Ito ay napapanahon dahil ito ay kakikitaan ng integrasyon ng makabagong teknolohiya. Napapadali ang pag access sa mga maikling pagsusulit dahil sa mga QR code na i-scan lamang ng mga mag-aaral at pwede na agad masagutan gamit lamang ang kanilang mga mobile phone. Dagdag pa, ang ilang mga gawaing pampagkatuto ay maaaring iupload sa google drive link na ibinigay. Ang sistemang ito ay makakatulong upang mapadali ang pagwawasto at pagrekord ng mga guro ng resulta ng mga maikling pagsusulit at marka sa mga awtput na nabuo ng mga mag-aaral. Ito rin ay makakatulong upang malimitahan ang paggamit ng papel at mga di-nabubulok na materyales sa pagbuo ng mga awtput na posibleng makadagdag sa pagkasira ng kalikasan. Nakikipagsabayan na rin ang Pilipinas sa hamon ng globalisasyon sa larang ng edukasyon. At isa sa mga hamon na ito ay ang integrasyon ng makabagong teknolohiya sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Tulad nga ng sinabi sa pag-aaral nina Akbulut, Y., & Cardak, C. S. (2017),[23] Santos, S., & Tortoles, H. (2017),[24] at Choi, H. J., & Johnson, S. D. (2018),[25] na may malaking papel na ginagampanan ang teknik at pamamaraan ng guro sa pagtuturo lalo pa kung ito kaaangkupan ng mga makabagong teknolohiya. Lumabas din sa pag-aaral nina Karimi, R., & Valladolid, **V.** (2017), [26] Patellar, P. A., Sweller, J., & Domingo, R. E. (2018), [27] Huelar, C., Paridal, S., & Cozar, J. (2018),[28] at Noval, W., Ramirez, W., Pamintuan, J., & Desura, D. (2018)[29] na mas nagkakaroon ng mataas na kawilihan ang mga mga mag-aaral na makinig at matuto sa talakayan kung lalapatan ng guro ang kanyang pagtuturo ng mga makabagong pamamaraan.Kaya, naniniwala ang mananaliksik na ang nabuong kagamitang pampagtuturo ay makakatulong sa pagtamo ng ganap na karunungan ng mga mag-aaral.

**Tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.** Ang nabuong kagamitang pampagtuturo ay tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang mga salitang ginamit, pati na rin ang mga paksain ay ibinatay sa pangangailangan ng mga mag-aaral, sa kanilang kurso, antas na kinabibilangan, kasanayan, at lebel ng kaalaman. Ang Etika ay isa sa mga General Education Curriculum na kurso na kung saan makakatulong sa kanila na maunawaan ang pag-uugali, prinsipyo at sosyedad na kanilang kinabibilangan. Ayon kay Villafuerte (2023),[30] ang kagamitang pampagtuturo ay nagagamit bilang tugon sa karagdagang kaalaman at at paghubog ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ito ang ang mga kagamitang ginagamit ng mga guro upang italakay ang mga paksang-aralin.

**Madaling maunawaan.** Ang kagamitang pampagtuturo na nabuo ay madaling maunawaan dahil ang mga salitang ginamit dito ay simple at madaling maunawaan ng mga mag-aaral. Bukod dito, ang wikang ginamit ay wikang Filipino na siyang nauunawaan ng mas nakararami, lalo na ng mga mag-aaral na Pilipino. Tulad nga ng sinabi ni Benson (2005),[31] ang wika ay susi sa pagkakaunawaan sa loob ng silid-aralan. Ito ang nagsisilbing daluyan upang maiproseso nang tama ng mga mag-aaral ang mga impormasyon na ibinabahagi ng kanilang mga guro. Ang wika na siyang madaling gamitin at maunawaan ay isa sa mahalagang susi upang matamo ang ganap na pagkatuto ng mga mag-aaral. Mas madali sa mga mag-aaral ang pagbabahagi ng kanilang ideya at opinyon kapag ang wikang kanilang ginagamit ay ang wikang siyang ginagamit sa kanilang mga komunidad. Mas madali rin para sa mga guro ang paglilipat ng mga konsepto, karunungan at pagbibigay panuto kapag ang kanilang ginagamit na wika ay ang wikang nauunawaan ng higit na nakararami. Dito sa Pilipinas, ang wikang ginagamit at madaling maunawaan ay walang iba kung hindi ang wikang Filipino.

**Biswal na Kariktan.** Ang nabuong kagamitang pampagtuturo ay mayroong pabalat na nilapatan ng pagkamalikhain. Ito ay panlabas na salik na nakatutulong upang mahikayat ang mga mag-aaral na pag-aralan ang mga paksa na nakapaloob sa modyul. Ang font style at font size na ginamit ay madaling mabasa. Hindi mahihirapan ang mga mag-aaral na basahin, unawain at pag-aralan ang mga konsepto at panuto na nakapaloob sa modyul dahil may katamtamang laki ang mga salita at gumamit ng font style na simple at madaling mabasa. Base sa resulta ng pag-aaral ni Desengano (2022)[32] na may pamagat na "Gamit ng Dayalektong Sorsoganon sa mga Pormularyo ng Ahensiyang Pansakuna," isa sa kaniyang naging rekomendasyon na sa pagbuo ng mga pormularyo at pagrereprodyus nito, kailangang siguraduhing malalaki ang font na gagamitin at siguruhing malinaw ang pagkaka-print ng mga pormularyo upang malinaw na mabasa ng mga kliyente. Patunay lamang ito na sa paglikha ng anomang babasahin, lalo na ng kagamitang pampagtuturo, isang mahalagang isaalang alang ay ang font size at style.

Ayon sa pag-aaral nina Deri, Janer, at Marbella (2021)[33] nararapat na mayroong sapat na biswal na elemento ang kagamitang pampagtuturo upang mas mahikayat at tangkilikin ng mga mag-aaral ang paggamit nito.

**Balidasyon Ng Nabuong Kagamitang Pampagtuturo Ayon Sa Saklaw At Nilalaman, Teorotikal Na Konsiderasyon, Kaanyuan/Biswal Na Kariktan, At Wika.**

Sa bahaging ito ng pag-aaral ay tinukoy ang presentasyon at interpretasyon ng mga datos hango sa resulta ng balidasyon ng mga ebalweytor, at ang antas ng kahusayan ng nabuong kagamitang pampagtuturo upang magamit at makatulong sa pagtuturo-pagkatuto ng mga guro at mga mag-aaral. Upang matukoy kung gaano kabalido ang nabuong kagamitang pampagtuturo, ang mananaliksik ay gumamit ng SorSU IM Evaluation Sheet at pinasagutan ito sa IM Evaluation Committee ng Kolehiyo ng Teknolohiya.

**Talahanayan 2.a**
**Balidasyon ng nabuong Kagamitang Pampagtuturo**
**ayon sa Saklaw at Nilalaman**

| PANUKATAN | MEAN | INTERPRETASYON |
|---|---|---|
| 1. Objectives are clearly stated and SMART. | 4.3 | Mahusay |
| 2. Contents are aligned with the course objectives. | 4.6 | Napakahusay |
| 3. Materials are localized and contextualized. | 4.1 | Mahusay |
| 4. Materials promote Higher Order Thinking Skills. | 4.0 | Mahusay |
| 5. Materials provide opportunities for students to practice and reflect upon 21st century (or “soft”) skills. | 4.3 | Mahusay |
| 6. Materials focus equally on the conceptual knowledge as well as the technical skill outlined based on the program objectives | 4.0 | Mahusay |
| 7. Technical skills are promoted within the context of applicable industries and work environments. | 4.0 | Mahusay |
| 8. Information is clear and concise; presents accurate facts. | 4.1 | Mahusay |
| 9. Materials include assessment accommodations for diverse learners, including sample items that capture multiple measures of student proficiency. | 4.1 | Mahusay |
| 10. Assessment is aligned to the objectives of the course. | 4.0 | Mahusay |
| **Kabuoan** | **4.15** | **Mahusay** |

Makikita sa talahanayan 2.a na ang ikalawang deskripsyon na “Contents are aligned with the course objectives.” ay ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.6 (Napakahusay) at ang ikaapat, ikaanim, ikapito at ikasampung deskripsyon ay nakakuha ng pinakamababang mean na 4.0 (Mahusay), “Materials promote Higher Order Thinking Skills”, “Materials focus equally on the conceptual knowledge as well as the technical skill outlined based on the program objectives”,”Technical skills are promoted within the context of applicable industries and work environments”, at “Assessment is aligned to the objectives of the course.” Implikasyon lamang nito na ang nilalaman ng naisaling kagamitan ay naihahanay at tumutugon sa layunin na kailangan ng kurso samantalang ang ibang bahagi naman ay may kakulangan dahil sa mababang mean na nakuha nito ngunit maaari pa rin itong paunlarin. Ang mga kakulangang ito ay hindi hadlang sa pagkatuto ng mga mag-aaral dahil pasok at mahusay pa rin ang interpretasyon ng kagamitang ito.

Batay pa rin sa nabanggit na talahanayan, makikita na ang nilalaman ng nabuong modyul ay malinaw na naipahayag ang layunin at ang mga paksang aralin ay sapat na tumutugon sa pangangailangan ng kurso. Malinaw rin na naipahayag at angkop na naipaliwanag ang mga aralin sa bawat paksa batay sa antas ng talino ng mga mag-aaral. Isinaalang-alang din ang mga kagamitang ginamit na makatutulong upang makapagbigay ng oportunidad sa lahat ng uri ng mga mag-aaral upang sila’y makipagsabayan sa mga iba’t ibang kasanayan dala ng nasa ika-21 na siglo. Isinama rin ang iba’t ibang uri ng pagtataya dala ng inklusibong pag-aaral, marapat lamang na mabigyan ng pagkakataon ang lahat ng mga mag-aaral depende sa kani-kanilang kakayahan.

Ang nilalaman ay may kabuoang mean na 4.15 na may interpretasyong Mahusay. Ito’y nagpapatunay na sapat at malinaw na naipaliwanag ang mga ideya, impormasyon, at halimbawa ng modyul sa pagtuturo ng Kursong Etika. Ang nabuong modyul ay magiging kapaki-pakinabang sa guro upang magamit bilang gabay at lunsaran sa kanilang pagtuturo. Ito’y magiging madali para sa pagtuturo-pagkatuto ng mga guro at mag-aaral dahil matutugunan nito ang pag-unawa sa mga ideya at impormasyon sapagkat sapat ang nilalaman ng bawat paksa.

Ayon kay Resuma (2007),[34] ang nilalaman ay dapat magtugma sa mga pangangailangan, interes, at kakayahan ng mga mag-aaral, naaangkop sa paksa at mga kasanayang binubuo, at may kaugnayan sa mga layuning tinukoy sa buong kagamitang pampagkatuto. Dagdag pa ni Byrd (2006),[35] may tatlong mahalagang aspeto na dapat bigyang-pansin sa pagdidisenyo, pagpili, at paggamit ng isang kagamitang panturo. Kinabibilangan ito ng pagkakatugma sa pagitan ng kurikulum at teksto, pagkakatugma sa pagitan ng mga mag-aaral at teksto, at pagkakatugma sa pagitan ng guro at teksto. Ang nilalaman ng mga kagamitang pampagtuturo ay kailangan madaling basahin, malinaw, at nakaka-engganyo (Dantic, 2023).[36] Ibig sabihin ito’y dapat nakakaakit ng interes at nagpapahikayat sa mga mambabasa na maghanap pa ng karagdagang impormasyon. Inirekomenda naman nina Deri, Janer, at Marbella (2017)[37] na ang kagamitang pampagtuturo ay dapat sumailalim sa balidasyon ng mga komite ng kolehiyo upang masuri ang kabuoang nilalaman at gramatika ng nabuong kagamitang pampagtuturo.

**Talahanayan 2.b**
**Balidasyon ng Nabuong Kagamitang Pampagtuturo ayon sa Teoretikal na Konsiderasyon**

| PANUKATAN | MEAN | INTERPRETASYON |
|---|---|---|
| 1. Materials are clear and easy to read and understand for students and teachers. | 4.6 | Napakahusay |
| 2. Materials are culturally and politically and gender sensitive to the full range of potential users, and do not advance unwarranted opinions that are not factually based. | 4.5 | Napakahusay |
| 3. Materials are suitable to the level of the students | 4.6 | Napakahusay |
| 4. Materials motivate students to learn. | 4.6 | Napakahusay |
| **Kabuoan** | **4.57** | **Napakahusay** |

Makikita sa talahanayan 2.b na ang una, ikatlo at ikaapat na panukatan ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.6 (Napakahusay), "Materials are clear and easy to read and understand for the students and teachers", "Materials are suitable to the level of the students" at "Materials motivate students to learn." Samantala, ang ikalawang panukatan ay nakakuha ng pinakamababang mean na 4.5 (Napakahusay) "Materials are culturally and politically and gender sensitive to the full range of potential users, and do not advance unwarranted opinions that are not factually based." Patunay lamang ito na ang nabuong kagamitang pampagtuturo ay isinaalang-alang ang mga teoretikal na mga konsiderasyon sapagkat ang nabuong kagamitan ay malinaw at madaling maunawaan ng mga guro at mga mag-aaral.

Naglalaman ito ng mga materyal na kultural, pulitikal, at sensitibo sa kasarian na hindi nagsusulong ng mga hindi makatwirang opinyon na hindi nakabatay sa katotohanan. Nakakuha ng kabuoang mean na 4.57 na may interpretasyong Napakahusay, nangangahulugan lamang na ang teoretikal na konsiderasyon sa kagamitang pampagtuturo na ito ay malinaw na isinaalang-alang upang maging angkop sa antas ng mga mag-aaral at makatutulong upang mas magkaroon ng motibasyon ang mga mag-aaral sa pagkatuto.

Ayon kay Salandanan (2011)[38] para maging kawili-wili ang isang kagamitan, dapat may mga nilalaman ito na may kinalaman sa aralin at self-pacing para maaaring mag-progress ang bawat mag-aaral sa kanyang sariling bilis. Batay sa Directorate General of PMPTK, Ministry of Education na nabanggit sa pag-aaral ni Dechavez (2023),[39] ang kagamitan sa pampagkatuto ay mabuti kung ito ay self- instructional, self-contained,can stand-alone, adaptive and user-friendly. Sa ibang salita, ito ay dapat madaling maunawaan upang mas mapadali sa mga mag-aaral ang pag-unawa sa mga nilalaman at magamit sa pagpapataas ng kanilang kakayahan nang hindi umaasa sa pagtuturo ng mga guro.

Mahalaga ang kaugnayan ng mga kagamitang pampagtuturo sa layunin ng aralin, isang mahalagang aspeto ng pagtuturo, at isang mahalagang bagay sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo Dela Cruz (2015).[40]

**Talahanayan 2.c**
**Balidasyon ng Nabuong Kagamitang Pampagtuturo ayon sa Kaanyuan/Biswal na Kariktan**

| PANUKATAN | MEAN | INTERPRETASYON |
|---|---|---|
| 1. Materials followed the required parts. | 4.5 | Napakahusay |
| 2. Materials contain appropriate, neat and clear illustrations. | 4.6 | Napakahusay |
| 3. Design and graphics do not distract from the course content and are appropriately placed. | 4.5 | Napakahusay |
| **Kabuoan** | **4.53** | **Napakahusay** |

Matutunghayan sa talahanayan 3.c na ang panukatan na nakakuha ng pinakamataas na mean ay ang panukatan bilang dalawa na may mean na 4.6 (Napakahusay) ito ay ang "Materials contain appropriate, neat and clear illustrations" samantalang ang nakakuha ng pinakamababang tuos ay ang una at ikatlong panukatan na mayroong mean na 4.5 (Napakahusay) "Materials followed the required parts" at "Design and graphics do not distract from the course content and are appropriately placed." Ipinapakita lamang nito na ang nabuong kagamitang pampagtuturo ay simple ngunit maayos at kaakit-akit ang paraan ng pagkakagawa.

Makikita na mahusay at malinaw ang paraan ng pagkakasunod-sunod ng mga kinakailangang bahagi ng modyul. Naglalaman din ito ng iba't ibang ilustrasyon na sapat sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang mapukaw ang kanilang interes sa pag-aaral. Sa kabuoan, ito'y nakakuha ng kabuoang mean na 4.53 na may interpretasyong Napakahusay. Katunayan lamang na ang modyul ay organisadong naipresenta at maayos ang paglalahad ng mga paksang aralin at disenyo upang maiwasan ang pagiging magulo at hindi malito ang mga gagamit ng kagamitang ito.

Implikasyon lamang nito na ang nabuong kagamitang pampagtuturo ay nagbibigay ng biswal na atraksyon na nagpapadali sa pag-aaral at nagbibigay ng malinaw na anyo at kaayusan upang mapadali ang pag-unawa. Ito rin ay nagbibigay ng mga ilustrasyon

na tumutulong sa paglilinaw ng teksto at nagbibigay ng mga biswal na halimbawa. May maayos na pagsasama ng mga elementong biswal at teksto upang mapadali ang pag-unawa para sa mga mag-aaral.

Ayon kay Setubal (2012)[41] na ang kagamitang panturo ay may epekto sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga ilustrasyon. Ang paggamit ng kaakit-akit na presentasyon tulad ng paggamit ng malamang mga kulay, malawak na espasyo, at mga larawan ay nagbibigay ng interes sa mga mag-aaral upang gamitin ang mga kagamitan na ito.

**Talahanayan 2.d**
**Balidasyon ng Nabuong Kagamitang Pampagtuturo**
**ayon sa Wika**

| PANUKATAN | MEAN | INTERPRETASYON |
|---|---|---|
| 1. Use language that are appropriate to the learners. | 4.8 | Napakahusay |
| 2. Correct grammar and mechanics are observed. | 4.1 | Mahusay |
| **Kabuoan** | **4.45** | **Mahusay** |

Makikita sa talahanayan 2.d ang kabuoang mean na 4.45 na may interpretasyong Mahusay. Matutunghayan na ang nakakuha ng pinakamataas na mean ay ang panukatan bilang isa na mayroong mean na 4.8 (Napakahusay) "Use language that are appropriate to the learners" implikasyon lamang nito na ang wikang ginamit ay angkop sa antas ng pang-unawa at nababatid ang mga tuntuning mensahe ng mga paksa dahil sa kalinawan ng mga pangunahing konsepto at prinsipyo gamit ang mga simpleng termino at kaangkupan ng estruktura't istilo nito. Ang panukatan bilang dalawa ang nakakuha ng pinakamababang tuos na 4.1 (Mahusay) "Correct grammar and mechanics are observed" ito ay nagpapahiwatig na ang ibang gramatika ay hindi wasto ngunit hindi ito sagabal sa pagkatuto dahil ang mahalaga ay nauunawaan pa rin ang kabuoang kontenksto na nais ipabatid ng naisaling kagamitang pampagtuturo.

Ang modyul ay tanggap at makatutulong sa pagtuturo-pagkatuto ng mga guro at mag-aaral. Layunin ng kagamitang pampagtuturo na ito na mahikayat at maturuan ng mga guro ang mga mag-aaral na gamitin ang modyul na ito upang malinang at mapalawak ang kanilang kaalaman hindi lamang sa nilalaman ng Kursong Etika, bagkus mapahalagahan din ang wikang Filipino na nagsilbing midyum upang mabuo ang kagamitang ito.

Implikasyon lamang nito na ang wika ay may malaking impak tungo sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang wika ay susi sa pagkakaunawaan sa loob ng silid-aralan. Ito ang nagsisilbing daluyan upang maiproseso nang tama ng mga mag-aaral ang mga impormasyon na ibinabahagi ng kanilang mga guro Benson (2005)[42]. Dagdag pa ni Guieb III (2021)[43], ang wikang Filipino ang pinakaunang tagpuan ng iba pang nagsasalita gamit ang iba't ibang wika. Sa isang multilinggwal na bansa tulad ng Pilipinas na binubuo ng iba't ibang pulo na may iba't ibang pangkat na naninirahan at may kanya-kanyang kultura, paniniwala at wika, mahalaga ang pagkakaroon ng iisang wika na siyang nauunawaan ng lahat, na siyang kanilang magiging unang tagpuan, ang magiging tulay upang magkaroon ng ganap na pag-unawa at maging epektibo ang proseso ng pakikipagkomunikasyon.

**Talahanayan 2.e**
**Kabuoang Balidasyon ng Nabuong Kagamitang Pampagtuturo**

| PANUKATAN | MEAN | WEIGHTED SCORE | INTERPRETASYON |
|---|---|---|---|
| Saklaw at Nilalaman (50%) | 4.15 | 2.0 | Mahusay |
| Teoretikal na Konsiderasyon (25%) | 4.57 | 1.14 | Napakahusay |
| Kaanyuan/Biswal na Kariktan (10%) | 4.53 | 0.45 | Napakahusay |
| Wika (15%) | 4.45 | 0.66 | Napakahusay |
| **Kabuoan** | | **4.25** | **Mahusay** |

Mapapansin sa talahanayan 2.e na ang nakakuha ng pinakamataas na mean ay ang Teoretikal na Konsiderasyon na may mean na 4.57 (Napakahusay) na nagpapahiwatig na ang kagamitang pampagtuturo ay malinaw at madaling maintindihan ng mga guro at mga mag-aaral. Ito rin ay angkop sa antas ng pang-unawa at mahihikayat ang mga mag-aaral na matuto. Ang Saklaw at Nilalaman ang nakakuha ng pinakamababang mean na 4.15 (Mahusay), ito'y nagpapahiwatig na maaaring hindi sapat at may kakulangan ang nilalaman ng naisaling kagamitan. Maaaring naghahanap pa ng mas malawak na impormasyon ang mga respondente sa naisaling modyul sa Etika.

Makikita pa rin sa nabanggit na talahanayan ang kabuoang mean na 4.1 na may interpretasyong Mahusay. Nangangahulugan lamang ito na ang nabuong kagamitang pampagtuturo ay mahusay. Ito'y maaaring gamitin sa loob ng klasrum upang magamit bilang lunsaran na kapaki-pakinabang tungo sa epektibo at holistikong pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang nabuong kagamitan na Fil-Etika: Pinagyamang Modyul ay may malaking tulong sa mga guro upang maging karagdagang kagamitan at lunsaran na maaaring gamitin sa pagtuturo ng kursong Etika. Ayon sa inilabas na CMO no. 20 s. 2013 na nagtatakda ng core courses sa kolehiyo, isinaad dito na opsiyunal lamang ang paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo kaya't napakalaking tulong ng nabuong kagamitang pampagtuturo upang maging gabay at lunsaran ito para sa mga instruktor lalo na sa mga medyor sa Filipino na maaaring magturo ng asignaturang Etika. Bukod pa rito ay nakatutulong din ito sa pagpapayaman at pagpapayabong ng ating sariling wikang Pambansa-- ang Wikang Filipino.

Ayon kay Villafuerte (2023),43 ang kagamitang pampagtuturo ay nagagamit bilang tugon sa karagdagang kaalaman at at paghubog ng kasanayan ng mga mag-aaral.

**Fil-Etika: Pinagyamang Modyul.**

Ito ay naglalaman ng naisaling modyul sa kursong Etika na magsisilbing kagamitang pampagtuturo sa kolehiyo. Ito'y isinalin mula sa wikang Ingles patungo sa wikang Filipino. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi tulad ng Introduksyon sa paksang aralin, Mga inaasahan sa kurso, Mga mahahalagang tala sa talakay, Maikling pagsusulit, Gawaing pampagkatuto at Sanggunian. Sa pamamagitan ng mga bahaging ito, naipapakita ang maayos at organisadong presentasyon ng modyul na nakatutulong upang maitaguyod at maabot ang layunin sa pag-unlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral gayundin sa pagtuturo ng mga guro.

**Rasyonal**

Ang isinaling modyul ay ang kagamitang pampagtuturo na nabuo base sa resulta ng pag-aaral na isinagawa ng mananaliksik. Ang awtput na ito ay nabuo sa tulong ng mga guro at mga mag-aaral sa Pampamahaalang Pamantasan ng Sorsogon.

Layunin nito na lubos na maunawaan ng mga mag-aaral ang konsepto ng kursong Etika gamit ang wikang Filipino. Ang paggamit sa loob ng klasrum ng wikang nauunawaan at ginagamit ng mas nakararami ay isang paraan upang mahikayat ang mga mag-aaral na mas maging masining sa pagbabahagi ng kanilang mga ideya at kaalaman. Ang paggamit ng wikang Filipino ay hindi lamang makatutulong sa kabuuang pagkatuto kundi ito rin ay magsisilbing daan tungo sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino.

**Pangkalahatang Layunin**

Makabuo ng isang modyul sa Etika na nakasalin sa wikang Filipino upang masiguro ang ganap na pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral ng mga konseptong kailangang nilang matutuhan sa kursong Etika tungo sa lubos na epektibong proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa kolehiyo.

**Tiyak na Layunin**

1. Makatulong upang lubos na maunawaan ng mga guro at mga mag-aaral ang mga konsepto sa kursong Etika.
2. Makapag-ambag ng Kagamitang Pampagtuturo sa lahat ng kolehiyo at kampus ng Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon.
3. Mapaunlad at mapayaman ang wikang Filipino sa pamamagitan ng paggamit nito bilang midyum sa pagtuturo.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Naging konklusyon na may iba't ibang uri ng mga kagamitang pampagtuturo ang ginagamit sa pagtuturo ng Etika. Karamihan sa mga kagamitang ito ay parehong ginagamit ng mga guro at mag-aaral sa klase ngunit ang lahat ng ito ay nakasulat sa wikang Ingles at bihira ang kagamitang pampagtuturo na nakasulat sa wikang Filipino. Mahalaga na ang kagamitang pampagtuturo ay hitik at puno ng mga esensyal na bahagi at may mga katangiang taglay na kaakit-akit sa mga mata ng mga guro at mga mag-aaral upang lubos na maunawaan ang kabuoang konsepto ng mga paksang-aralin sa kursong Etika. Ang paggamit ng kagamitang pampagtuturo na naisalin mula sa wikang Ingles patungo sa wikang Filipino at pagkatapos ay bindalido, masasabing may magandang bunga ito sa pagkatuto ng mga mag-aaral dahil nakasulat ito sa wikang nauunawaan ng lahat. Nakabuo ng kagamitang pampagtuturo hango sa pagsasalindiwa na may pamagat na Fil-Etika: Pinagyamang Modyul bilang tugon sa kakulangan ng lunsaran na nakasulat sa wikang Filipino sa kolehiyo.

Inirekomenda na isulong ang pagsulat gamit ang wikang Filipino ng mga kagamitang pampagtuturo na ginagamit sa pagtuturo ng Etika at iba pang GEC courses. Isulat ang mga ito sa wikang nauunawaan ng mas nakakarami lalong-lalo na ng mga mag-aaral. Piliin at bumuo ng mga kagamitang pampagtuturo na akma sa layunin at kayang intindihin ng mga mag-aaral. Kung maaari ay lagyan din ito ng mga disenyo at mga ilustrasyon upang maging kaakit-akit ito sa mata ng mga mag-aaral tungo sa kawili-wili at epektibong pagkakatuto. Lumikha ng mga kagamitang pampagtuturo at ipabalido ito sa mga eksperto upang makapag-ambag ng karagdagang lunsaran sa mga Pamantasan. Hikayatin ang kapwa guro na gamitin ang pinagyamang modyul na Fil-Etika bilang sanggunian sa pagtuturo ng kursong Etika. Magsagawa pa ng mga pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral para sa mga susunod na mananalisik.

## SANGGUNIAN


[1] Lumbera, B. (2013). Selected Bibliography of Literary Works, 2013. Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature, 7(1).

[2] Artikulo XIV Seksyon 6 ng 1987 Konstitusyon

[3] [31] [42] Benson, P., & Nunan, D. (Eds.). (2005). Learners' stories: Difference and diversity in language learning. Cambridge University Press.

[4] Senate Resolusyon Blg. 19 ni Sen. Lapid (2007)

[5] San Juan, D. M. (2020) Suri, Saliksik, Sanaysay: Mga Babasahin sa Wika, Panitikan, at Lipunang Pilipino. Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman. https://www.swfupdiliman.org/project/suri-saliksik sanaysay/

[6] [32] Desengaño, MAED, A. D.., & Marbella, PhD, F. D. (2022). Gamit Ng Dayalektong Sorsoganon Sa Mga Pormularyo Ng Ahensyang Pansakuna. Research and Analysis Journal, 5(5). https://doi.org/10.18535/raj.v5i5.298

[7] Blancha, Sherilyn D.(2017). "Wikang Filipino:Gamit sa Mga Pormularyo ng Pampublikong Ahensya ng Pamahalaan". Paaralang Gradwado, Sorsogon State College. Lungsod Sorsogon.

[8] Broadway, M. S., & Zamora, N. C. L. (2018). Ang Filipino Bilang Wika sa Matematika: Isang Palarawang Pagsusuri sa Kaso ng isang Pribadong Paaralan (Filipino as a Language of Mathematics: A Descriptive Analysis in the Case of a Private School in the Philippines). The Normal Lights, 12(1). https://doi.org/10.56278/tnl.v12i1.761
[9] Dominguez, D.K., (2022). Ang Paggamit Ng Wikang Filipino Sa Pagtuturo Sa Larang Ng Agrikultura | Mountain Journal of science and interdisciplinary research (formerly Benguet State University research journal). (n.d.). Mountain Journal of Science and Interdisciplinary Research (formerly Benguet State University Research Journal). https://portal.bsu.edu.ph:8083/index.php/BRJ/article/view/312
[10] [19] Tuimur, H. N. E., & Chemwei, B. (2015). Availability and Use of Instructional Materials in the Teaching of Conflict and Conflict Resolution in Primary Schools in Nandi North District, Kenya. Online Submission, 3(6), 224-234.
[11] Marbas, J. (2021). The importance of instructional Materials. Retrieved on December 20th.
[12] [38] Salandanan, G. G. (2011). Principles and methods of teaching, Quezon City, Manila.
[13] [39] Dechavez, C. F. (2023). Development and Validation of CLASS Mobile Application in General Mathematics. Available at SSRN 4831586.
[14] [40] Dela Cruz, J. P. C. (2015, March). Development of an experimental science module to improve middle school students' integrated science process skills. In Proceedings of the DLSU Research Congress (Vol. 3, pp. 1-6).
[15] Lumbera, B. (2014). Tungkol sa Tanggol Wika. Retrieved from https://tanggolwika.org/
[16] Estera, J. E. D., & Janer, S. S. (2022). Balidasyon Ng MELC-based Learning Activity Sheets sa Filipino sa Piling Larang Akademik. Puissant, 3, 366-380.
[17] LeBrun, D. (2001). A study of modualrized [sic] instruction and its role in the technology education curriculum at Southern Door schools.
[18] Journals, E. (n.d.). Pagbuo at BALIDASYON Ng KAGAMITANG PAMPAGKATUTO Sa Filipino Sa KOLEHIYO by Dr. Jessica Marie I. Dela Pena. EPRA JOURNALS | Good Indexing. https://eprajournals.com/IJMR/article/10063
[20] Uriarte, V. (2019). Pagbuo Ng Modyul Sa Pagtuturo Sa Filipino 7. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, 3(2F).
[21] Castillo, Capuno, Mercy M. Pagbuo at Balidasyon ng Estratehiyang Interbensyong Kagamitang Pampagtuturo sa Gramatikang Filipino. Bacolod City, Philippines: St. La Salle University. 2018.
[22] Saavedra, A. D., Ajibon, Banua, E. I., R. A., Aukasa, F. S., Muhajil, S. S., & Najam, H. M. (2022). EVALUATING TEACHERS'TEACHING PERFORMANCE: AS BASIS FOR MENTORING AND TECHNICAL SUPPORT. NeuroQuantology, 20(13), 896.
[23] Akbulut, Y., & Cardak, C. S. (2017). Adaptive educational hypermedia accommodating learning styles: A content analysis of publications from 2021 to 2022. Educational Technology Research and Development, 65(2), 315-344.
[24] Santos, S., & Tortoles, H. (2017). Proseso ng Pagkatuto at Pagtuturo sa mga Mag-aaral ng Ika-21 Siglo ng Edukasyon. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2017. 134-136.
[25] Choi, H. J., & Johnson, S. D. (2018). The effects of self-regulated learning skills and computer self-efficacy on college students' learning outcomes in a blended learning environment. Educational Technology Research and Development, 66(1), 53-72.
[26] Karimi, R., & Valladolid, V. (2017). 'Demystifying the Digital Divide: The Simple Binary Notion of Technology Haves and Have-nots Doesn't Quite Compute', Scientific American 289(2): 42-7.

[27] Patellar, P. A., Sweller, J., & Domingo, R. E. (2018). New technology and digital worlds: Analyzing evidence of equity in access, use, and outcomes. Review of Research in Education, 42, 179-216.
[28] Huelar, C., Paridal, S., & Cozar, J. (2018). Understanding factors influencing online learning satisfaction of students in higher education. Journal of Computer Assisted Learning, 34(6), 534-543. https://doi.org/10.1111/jcal.12280
[29] Noval, W., Ramirez, W., Pamintuan, J., & Desura, D. (2018). The effects of augmented reality on learning: a review of studies from 2021 to 2023. Educational Research Review, 24, 1-14. https://doi.org/10.1016/j.edurev.2018.02.003
[30] [43] Villafuerte, P. Awtentikong Kagamitang Pampagtuturo. (2023, January 20). Retrieved from https://liwayway.ph/2023/01/20/awtentikong-kagamitang-pampagtuturo
[33] Deri, R., Janer, S., & Marbella, F. (2021). Acceptability of Learning Guides for Teacher Education Field Study Courses. The Normal Lights, 15(1). https://doi.org/10.56278/tnl.v15i1.1704
[34] Resuma, V. M. (2007). pagsusulit sa pagkuha ng lisensya para sa mga guro (let), reviewer sa Filipino. Quezon City, Philippines:C & E Publishing, Inc
[35] Byrd, P. (2006). Textbook:Evaluation for Selection and Analysis for Implementation, Teaching of English as a Second or Foreign Language 3rd Ed. USA: Heinle & Heinle.
[36] Dantic, M. J. P. (2023). Development and Validation of Instructional Material in Astronomy. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 4(1), 19-26. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.01.03
[37] Deri, R. A., Janer, S. S., & Marbella, F. D. (2017). Acceptability of Field Study Learning Guides as Supplementary Resources for Teacher Education Students. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 5(2).
[41] Setubal, J.S (2012). Paghahanda at pagtatayang workteks sa ikatlong baitang gamit ang kiniray-a tugon sa kurikulum ng k-12 at MTB-MLE. Philippines:Philippine Normal University. Retrieved 11 November 2021 mla https://www.academia.edu/9162329
[43] Guieb III, E. Manunulat Propesor Ng Brodkasting Unibersidad Ng Pilipinas Diliman Ang pinakaunang magiging tagpuan namin Ng iba | Course hero. (2021, January 18). Course Hero | Own the study hour. https://www.coursehero.com/file/78256944/EULALIO-Rdocx/